

PRAYER

- Pasalamatán si Jesus sa Kanyang Salita na nagbibigay sa atin ng kapayapaan. Ipanalangin ang mas malalim na pagkaunawa sa Kanyang Salita.
- Hingin sa Diyos na patuloy na buksan ang iyong mga mata upang makita mo ang tagumpay na naghihintay sa iyo kay Cristo. Ipanalangin ang kalakasan upang patuloy kang sumunod sa Kanya anuman ang mangyari.
- Ipanalangin na makita mo ang tagumpay na ibinigay sa iyo ni Cristo ngayong linggo. Panghawakan mo ang tagumpay na ito sa pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin at pagsunod sa Diyos.

NOTES

Cross Check

Pagharap sa mga Paghihirap

WEEK 4

WARM-UP

- Ano ang isang bagay na gusto mong gawin matapos ang isang nakakapagod na araw o sitwasyon? Magkuwento tungkol dito.
- Ano ang naaalala mong pagkakataon kung saan nagtagumpay ka? Ikuwento kung ano ang nangyari. Ano ang naramdaman mo?
- Kapag dumaraan ka sa isang mahirap na sitwasyon, ano ang isang bagay na gusto mong gawin?

WORD

“Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito para magkaroon kayo ng kapayapaan sa akin. Daranas kayo ng paghihirap dito sa mundo, pero magpakatatag kayo dahil nagtagumpay na ako laban sa kapangyarihan ng mundo.”

JUAN 16:33

Noong mga sandali ng Huling Hapunan, bago ang kamatayan ni Jesus, hinikayat Niya ang Kanyang mga disipulo na *magkaroon ng kapayapaan at magpakatatag*. Alam Niya na sa oras ng pag-aresto, paglilitis, at pagsasagawa ng hatol na kamatayan, sila ay *magkakawatak-watak, magkakanya-kanya, at iiwan nila* Siya (Juan 16:32). Si Pedro, na isa sa mga pinakamalapit Niyang disipulo, ay ikinaila pa Siya. Sa tuwing tayong mga disipulo ni Jesus ay haharap sa mga pagsubok at nakakabahalang mga sitwasyon, dapat nating tandaan ang tatlong katotohanan na sinabi ni Jesus, at kumilos nang may pananampalataya at pagsunod.

1 | May kapayapaan tayo kay Cristo.

"Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito para magkaroon kayo ng kapayapaan . . ." **JUAN 16:33**

Noong Huling Hapunan, maraming sinabi si Jesus sa Kanyang mga disipulo tungkol sa kung sino Siya at kung gaano Niya sila kamahal. Gusto Niyang magkaroon sila ng kapayapaan at kasiguruhan sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Tulad nito, nasa atin ang mga salita ni Cristo sa pamamagitan ng Bibliya, at sinabi Niya *ang mga bagay na ito para magkaroon tayo ng kapayapaan*. Paano naapektuhan ng pagbabasa ng Salita ng Diyos ang buhay mo?

.....
.....
.....
.....

2 | Daranas tayo ng paghihirap.

". . . Daranas kayo ng paghihirap dito sa mundo . . ." **JUAN 16:33**

Hindi ni Jesus pinagaan, pinababaw, o pinagtakpan ang katotohanan na tayo ay haharap sa mga paghihirap sa mundo. Kung titignan natin ang paligid o ang ating mga sariling sitwasyon, alam natin na may mga bagay na hindi natin mabibigyan ng solusyon o malulutas gamit ang ating sariling kakayahan. Ano ang sinasabi sa Santiago 1:12 tungkol sa dapat nating gawin sa oras ng pagsubok?

.....
.....
.....
.....

3 | Nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ni Cristo.

". . . pero magpakatatag kayo dahil nagtagumpay na ako laban sa kapangyarihan ng mundo." **JUAN 16:33**

Tiniyak ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na kahit may mga paghihirap sa mundo, dapat tayong *magpakatatag* dahil Siya ay nagtagumpay na. Magagawa nating sumunod sa Kanyang Salita at magtiwala sa Kanyang kagustuhan kahit pa mas madali ang kabilang daan, ang daan na hindi naaayon sa Kanyang mga plano at layunin. May pagkakataon ba na patuloy kang sumunod sa Diyos dahil nakita mo ang tagumpay na naghihintay sa iyo sa pamamagitan ni Cristo? Ibahagi ang kuwentong ito.

.....
.....
.....
.....

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na napagtagumpayan na ni Jesus ang mundo at na Siya ay nanalo na laban sa mga paghihirap sa mundo? Gusto mo bang manampalataya sa Kanya ngayon?
- Araw-araw ka bang nagbabasa ng Bibliya? Paano mo magagawang mas higit pang umasa sa Salita ng Diyos para sa kapayapaan mo simula ngayon?
- Paano mo mapanghahawakan ang katagumpayan ng Diyos sa kinakaharap mong sitwasyon? Ano ang isang bagay na gagawin mo nang may pananampalataya ngayong linggo?